BALITAANG
AGRARIAN

DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM • FILIPINO EDITION • MARSO 2023

MARSO 1

# P12-M communal irrigation system patutubigan ang 334-ektaryang sakahan sa Nueva Vizcaya



Isang Php12-milyong communal irrigation system (CIS) ang ipinagkaloob kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa Paoac-Barobbob farmer-irrigators sa Brgy. La Torre, Bayombong, Nueva Vizcaya na makapagpapatubig ng 334 ektaryang lupang pang-agrikultura sa lugar.

Pinagtibay ni Primo C. Lara, DAR Cagayan Valley Regional, na ang irrigation project ay bahagi ng siyam (9) na pangunahing programa ni DAR Secretary Conrado M. Estrella III na nakatuon sa interes at kapakanan ng mga agrarian reform beneficiary (ARB).

"Ang kakulangan sa sistema ng irigasyon ay isa sa mga hamon na kinakaharap ng ating mga magsasaka ngayon. Patuloy tayong makikipagtulungan sa iba pang ahensya upang matiyak at mapabilis ang paghahatid ng mga suportang serbisyo sa ating mga benepisyaryo," ani Lara.

Ang proyekto ay pinondohan sa pamamagitan ng Comprehensive Agrarian Reform Program, kung saan ang DAR ay ang pangunahing ahensya sa nagpapatupad nito, sa pakikipagtulungan sa National Irrigation Administration (NIA).

Sinabi ni Engr. Sinabi ni Rustico R. Turingan, DAR Nueva Vizcaya Provincial Agrarian Reform Program Officer II, na ang CIS ay maaaring makapagpatubig ng higit sa 334 ektarya ng lupang pang-agrikultura kung saan mahigit sa 94 na kabahayan ng mga ARB ang makikinabang sa barangay.

"Sa pamamagitan ng proyektong ito, mapapaunlad at mapapalawak ng mga magsasakang-benepisyaryo ang kanilang produksyon sa agrikultura, dahil ang proyekto ay makapagbibigay ng sapat na suplay ng tubig para sa kanilang mga pananim upang mapataas ang kanilang ani at magarantiya ang katatagan ng kanilang produksyon," aniya.

Pinaalalahanan ni Antonio Sergio Bagasao, Municipal Mayor ng Bayombong ang mga magsasaka na panatilihin ang kalidad ng imprastraktura upang mapakinabangan ng husto ang paggamit at layunin nito.

Ang mga magsasaka na nakinabang sa proyekto ay nagpasalamat sa pambansa at lokal na pamahalaan sa kanilang walang katapusang tulong at suporta at sa pagpapabuti ng sistema ng irigasyon sa bayan ng Bayombong.

MARSO 2

# MGA MAGSASAKANG WALANG LUPA SA NORTH COTABATO TUMANGGAP NG GOVERNMENT-OWNED LANDS



May kabuuang 184 agrarian reform beneficiaries (ARBs) ang nakatanggap ng certificates of land ownership award (CLOAs) na binubuo ng 195.89 ektarya ng government-owned lands (GOLs) mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) sa Carmen, North Cotabato.

Sinabi ni Fulgencio Gepiala, 82, isa sa mga tumanggap ng lupa mula Purok 8, Aroman, na ang kanilang tinanggap na lupain ay nagbigay ng inspirasyon sa kanya upang patuloy na pagyamanin ang lupa at gawin itong produktibo para sa kaniyang mga anak at mga apo.

"Ang aking determinasyon na magtanim ng mais, saging at buko ay muling nabuhay. Napakasaya ko at nagpapasalamat ako sa DAR sa pagbibigay sa akin ng lupa, na makapagbibigay ng karagdagang kita sa amin," aniya.

Ang pamamahagi ng pampublikong lupain ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na pabilisin ang pagkakaloob ng mga nakatiwangwang na lupaing pang-agrikultural na pag-aari ng pamahalaan sa mga magsasakang walang lupain.

Ang lupang ipinamahagi sa mga ARBs ay bahagi ng mga GOL na hindi na nagagamit para sa original nitong adhikain alinsunod sa Executive Order No. 75. Series of 2019. Ang nasabing EO ay nag-uutos sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan na ipamahagi ang mga pampublikong lupain na nakalaan o angkop para sa agrikultura para sa mga kwalipikadong benepisyaryo.

Ayon kay Mariannie Lauban-Baunto, Soccsksargen Regional Director, namahagi ang DAR ng mga lupang hindi nagamit ng Department of Agriculture-Bureau of Plant Industry (BPI)-XII Aroman Research and Experiment Station kung saan ang isang bahagi ay ginamit din ng Philippine Coconut Authority (PCA) na matatagpuan sa Aroman, Carmen, North Cotabato.

"Ang mga hindi nagamit na 64.2271 ektarya ng BPI at 131.5286 ektarya ng PCA ay malaking tulong sa pagpapaunlad sa pamumuhay ng mga magsasaka," ani Baunto.

Pinuri naman ni Congresswoman Ma. Alana Samantha Taliño Santos, mula sa 3rd District ng Cotabato, ang tiyaga at pagsisikap ng DAR at iba pang mga katuwang na ahensiya sa pamahalaan na maipamahagi ang mga lupain sa benepisyaryo.

"Ang halaga ng lupa ay tumataas kung pagsisikapan natin ito. Kailangan lang nating magkaisa at magtulungan para sa ating kaunlaran, gayundin para sa ating munisipyo at lalawigan," aniya.

MARSO 3

# MGA MAGSASAKA NG MAIS SA CAMSUR TUMANGGAP NG KAGAMITANG PANGSAKA MULA SA DAR





PILI, Camarines Sur — Mahigit 150 agrarian reform beneficiary (ARB) corn farmers na miyembro ng Pag-iribang Nagkakaisang Magsasaka (PNM) organization sa Maria Gracia Village, Hacienda Salamat, Cadlan ang makikinabang sa flatbed dryer na nagkakahalaga ng P1 milyon na ibinibigay ng ang Department of Agrarian Reform (DAR).

"Patuloy ang mataas na pangangailangan para sa mais na ginagamit para sa pagkain ng tao at hayop. Ang modernong teknolohiya sa pag-aani tulad ng flatbed dryer, ay magpapalakas ng ani at benta ng mataas na kalidad na mais, at ito ay magpapadali at magpapabilis din ng pagsasaka," ani Renato C. Bequillo, DAR Camarines Sur Provincial Agrarian Reform Program Officer.

Ang kagamitang pangsaka ay ipinagkaloob bilang bahagi ng Major Crop-based Block Farm Productivity Improvement Project ng DAR sa ilalim ng Climate Resilient Farm Productivity Support (CRFPS).

Ang proyekto ay isa sa siyam na pangunahing layunin ni Secretary Conrado Estrella III na nakatutok sa pagkakaloob ng mga makinarya at kagamitang pansaka sa mga ARBs.

"Higit sa 150 ARB ang makikinabang sa makinarya. Maaari nang magpatuyo ng mais ang mga magsasaka kahit sa panahon ng tag-ulan. Ang mga magsasaka mula sa mga kalapit na barangay ay maaari ding gumamit ng flatbed dryer para sa kanilang inaani na mais," ani Beguillo.

Ayon kay Beguillo, ang bayan ng Pili ay nag-aani ng malaking porsyento ng mais na ginagamit sa pagkain ng tao at ng mga baka. Humigit-kumulang 450 ektarya ng taniman ang pangunahing nakatuon sa produksyon ng mais.

"Gayunpaman, tulad sa maraming lugar, ang mga lokal na magsasaka ng mais dito ay patuloy na dumaranas ng malaking pagkalugi sa kita dahil sa mataas na halaga ng kagamitan na kinakailangan para sa pagtatanim nito, gayundin ang kakulangan ng modernong mekanisasyon sa pagtatanim," paliwanag ni Beguillo.

Upang matulungan ang mga ARB na makabangon sa mga pagkalugi, ipinagkaloob ng DAR ang nasabing kagamitang pangsaka sa mga magsasaka ng mais.

Nagpasalamat naman sa DAR si Arturo Bismonte, pangulo ng PNM, para sa bagong flatbed dryer at nangakong aalagaan ng maayos ang kagamitan. Hinikayat din niya ang mga miyembro na aktibong lumahok at suportahan ang lahat ng operasyon ng organisasyon at mga inisyatiba sa hinaharap upang patuloy silang makinabang mula sa mga ito.

"Sa mahigit 100 ektarya ng lupang taniman, tahanan tayo ng pinakamamaraming ARB at lupang ipinagkaloob ng DAR sa ating lugar. Hinihimok ko ang bawat miyembro ng PNM na huwag gamitin sa maling paraan ang tulong at oportunidad na ibinibigay ng DAR at iba pang mga ahensya ng pamahalaan. Pangasiwaan natin ito ng maayos upang makita nila na hindi natin sinasayang ang kanilang mga itinutulong," ani Bismonte.

## MARSO 4

# DAR, BJMP muling nagsanib upang mapaunlad ang pamumuhay ng mga ARB




Muling nagsanib ang Department of Agrarian Reform Region (DAR) at Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) sa Cagayan Valley region upang tulungan ang mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa pagpapaunlad sa kanilang mga pamumuhay.

Ang marketing agreement ay ipinatupad sa ilalim ng Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty Program (EPAHPP), isang programa ng pamahalaan na tumutugon sa mga problema ng seguridad sa pagkain, kagutuman at kahirapan sa pamamagitan ng pagtutulungan at pagsasama-sama ng mahahalagang serbisyo ng iba't ibang ahensya ng gobyerno.

Ang aktibidad na ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na paangatin ang pamumuhay ng mga ARB.

Nilagdaaan nina DAR Regional Director Primo Lara at BJMP-Region 2 Jail Senior Superintendent Brendan. Fulgencio ang memorandum of understanding na nagsasaad na ang mga ARB ang magsusuplay ng kanilang mga produktong pang-agrikultura sa mga pangangailangan sa pagkain ng BJMP.

Ayon kay Lara, bukod sa pagtugon sa food security, nakatutulong din ang EPAHPP na madagdagan ang kita at pagiging produktibo ng mga magsasaka na makababawas ng kahirapan sa kanayunan.

"Nagpapasalamat ako sa BJMP sa kanilang patuloy na suporta sa ating mga ARB. Ang pagtutustos sa pangangailangan sa pagkain para sa mga persons deprived of liberty (PDLs) sa rehiyon na ito ay malaking oportunidad para sa mga magsasaka," ani Lara.

Sinabi naman ni Fulgencio na ang pananagutan ng BJMP ay hindi mapanatili ang kaligtasan ng lipunan, kundi kailangan din nilang bigyan ng pag-asa ang mga PDL na maging mabuting mamamayan muli.

"Bukod sa pagbibigay sa mga PDL ng sariwa at manutrisyong pagkain, sa pamamagitan ng budget na nakalaan sa kanila, nakatutulong pa tayo sa mga magsasaka na karagdagan at steady market sa kanilang produkto," aniya.

## MARSO 5

# MGA MAGSASAKA AT RESIDENTE NG AGUSAN DEL NORTE MAKIKINABANG SA PHP 20- M TULAY



Makikinabang ang may kabuuang 890 residente at mga pasahero ng Barangay Matabao, Buenavista, Agusan del Norte, kung saan 465 ay mga agrarian reform beneficiary (ARB), sa 28.8-line na Buenavista-Matabao universal bridge (unibridge) na nagkakahalaga ng Php20 milyon.

Ayon kay Merlita Capinpuyan, DAR-Caraga regional director, ang unibridge project ay ipinatupad sa ilalim ng Tulay ng Pangulo para sa Kaunlarang Pang-Agraryo (TPKP) ng Department of Agrarian Reform (DAR) at ng Department of Public Works and Highways (DPWH).

Sinabi ni Capinpuyan na ang proyekto ay ipinatupad upang isulong ang kaunlaran sa kanayunan sa mga agrarian reform communities (ARCs) sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga road network sa loob ng ARC barangays patungo sa kabayanan.

"Ang tulay ay maaaring suportahan ang kabuhayan ng ating mga magsasaka sa mga natukoy na agrarian reform areas, upang mapalakas ang produktibidad ng mga lupang pang-agrikultura," aniya.

Isinalin ng mga kinatawan mula sa DAR at DPWH ang unibridge sa mga lokal na pamahalaan ng Buenavista at Matabao na pinangunahan nina Agusan del Norte Governor Maria Angelica Rosedell Amante at Mayor Joselito T. Roble.

Sinabi ni Secretary Conrado Estrella III na ang pagtatayo ng unibridge ay mag-uugnay sa mga magsasaka sa mga merkado kung saan maaari nilang ibenta ang kanilang mga produkto upang sila ay maging aktibong kalahok sa lokal na ekonomiya.

"Ang karaniwang layunin ng DAR at iba pang ahensya sa proyektong ito ay tulungan ang komunidad na malampasan ang matagal na nilang problema sa pagdadala ng kanilang mga kalakal sa merkado at ang paghahatid ng serbisyo publiko sa lugar," she added.

Ang proyekto ng TPKP ay naglalayon na isulong ang pag-unlad sa kanayunan, pahusayin ang produktibidad at kita sa pamamagitan ng pinababang gastos sa pagbebenta ng kanilang mga produkto, at maibsan ang kahirapan sa mga ARB at mga lugar ng repormang agraryo.

MARSO 6

# GRUPO NG MGA MAGSASAKA SA NORTH COTABATO TUMANGGAP NG UPGRADED CASSAVA CHIPS PROCESSING FACILITY







Isang grupo ng mga magsasaka sa lalawigan ng North Cotabato ang inaasahang lalaki ang kita sa tulong na ipinagkaloob kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) na isang upgraded processing center upang madagdagan ang halaga ng kanilang pananim na cassava sa pamamagitan ng pagproseso ng de-kalidad na cassava chips.

Ang processing facility ay ipinagkaloob sa Barangay Katipunan Farmers Association (BKFA) ng Katipunan, M'lang at ito ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na palakasin ang pamumuhay ng mga magsasaka sa kanayunan.

Pinatunayan ni Bernandina Lacao, BKFA President, ang pangako at tulong ng DAR sa kanilang samahan upang maging mas produktibo at makagawa ng mas de-kalidad na produkto.

"Lagi naming alalahanin ang DAR dahil sa kanilang patuloy na tulong na ibinibigay sa amin. Sa pamamagitan ng pasilidad na ito, makasisiguro kami na magkakaroon kami ng mas malawak na market para sa aming cassava chips," aniya.

Ang upgraded facility na nagkakahalaga ng Php250,000.00 ay ipinagkaloob sa ilalim ng proyektong Village Level Farm-focused Enterprise Development (VLFED) ng DAR.

Ayon kay Evangeline Bueno, Provincial Agrarian Reform Program Officer II, layunin ng pagpapabuti ng processing center na makasunod sa processing standards at makasunod sa Food and Drug Administration, na may layuning makakuha ng license to operate at mga sertipikasyon upang makapasok sa mas malalaking merkado.

"Patuloy naming paiigtingin ang pagtulong sa pamamagitan ng pagkakaloob ng technical assistance sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs), at matulungan silang ibenta ang kanilang mga produkto upang makapasok sila sa mga institusyunal na mga mamimili," aniya.

Pinuri din ni Bueno ang pakikipagtulungan at kolaborasyon ng DAR sa Department of Trade and Industry, at iba pang ahensiya ng pamahalaan upang mapaunlad ang mga ARB at mga produkto ng kanilang samahan bilang potensyal na negosyo.

Noong 2020, nagkaloob ang DAR sa BKFA ng mga kagamitan sa pagluluto gaya ng grinder, stockpots, wok pan, at steamer, at karagdagang cassava stalks bilang planting materials upang mapalakas ang kanilang produksyon sa gitna ng pandemya.

MARSO 8

# DAR MAMAMAHAGI NG 310 EKTARYA NG GOVERNMENT-OWNED LAND SA MGA MAGSASAKA NG PAMPANGA

Nakipag-pulong kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa mga magsasaka sa bayan ng San Agustin sa Magalang, Pampanga upang mapag-usapan ang mabilis na pamamahagi ng nakatiwangwang na government owned-lands (GOL) at tukuyin ang posibleng agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa nasabing lalawigan.

Ang lupaing nakatakdang ipamahagi ay ang hindi nagagamit na 310 ektaryang pag-aari ng Pampanga State Agricultural University (PSAU) sa Magalang.

Ang pamamahagi ng GOL ay alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., sa pamamagitan ni DAR Secretary Conrado Estrella III, na mabigyan ang mga magsasaka ng lupain na mapakapagpapa-unlad sa kanilang pamumuhay.



Ayon kay DAR Central Luzon Regional Director Arsenio James Ponce uumpisahan na ng DAR ang pag-survey sa mga ari-arian ng PSAU upang agad silang makapag-issue ng indibidwal na titulo ng lupa sa mga ARB.

"Hinihingi natin ang buong kooperasyon ng mga ARB, at kanilang mga opinyon upang mabilis na ma-survey ang lupain. Pag-aaralan natin ang resulta ng napag-usapan upang ilalapat ang pinakamahusay na hakbang upang maipatupad ang prosesong ito ng mas mabilis," aniya.

Inihayag ni Ponce na ang nakatiwangwang na mga lupaing ito ay magagamit sa magandang adhikain dahil makapagbibigay ito ng kabuhayan sa mga magsasaka at makatutulong upang maibsan ang kahirapan sa kanayunan.

Ang lupang ipamamahagi sa mga ARB ay ipatutupad alinsunod sa Executive Order No. 75. Series of 2019, na inaatasang ang mga tanggapan ng pamahalaan ay ipamahagi ang pampublikong lupain na nakalaan o angkop para sa agrikultura para ipamahagi sa mga kwalipikadong benepisyaryo.

MARSO 9

# Mga field personnel ng Northern Samar pinagkalooban ng motorsiklo para sa proyektong SPLIT





CATARMAN, Northern Samar – Nakatanggap ang mga field validation teams (FVTs) personnel mula Department of Agrarian Reform (DAR) sa Northern Samar ng 16 brand-new motorcycles — Honda XR150Ls – para mapabilis ang ng pag-parsela ng mga Collective Certificate of Land Ownership Awards (CCLOAs) sa probinsya.

Ayon kay DAR Secretary Conrado Estrella III na ang mga motorsiklo ay may mahalagang papel sa pagsasagawa ng field validation activities, lalo na sa mga lugar kung saan ang mga kalye ay hindi angkop para sa mga four-wheeled vehicles.

Nagpahayag si Engr. Jose M. Balberde, Provincial Agrarian Reform Program Officer II, ng kanyang pasasalamat sa departamento sa pamamagitan ng DAR Secretary para sa kanyang pagsisikap at agarang pagtugon upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga FVT partikular sa validation ng mga lupain at field investigations sa ilalim ng pagpapatupad ng Project SPLIT.

"Isa ito sa mga programa ng DAR sa pamamagitan ng pagsisikap ni Secretary Estrella, bilang tugon sa mandato ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na pabilisin ang pamamahagi ng mga indibidwal na titulo ng lupa sa mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) at palakasin ang seguridad sa lupa tungo sa pagpapabuti ng kanilang kalidad ng buhay" aniya.

Ibinunyag niya na mahirap bumiyahe ang mga four-wheeled vehicles sa mga malalayong barangay sa ilang munisipalidad at ang angkop na paraan ng transportasyon ay motorsiklo. Sa pagkakaloob ng mga motorsiklong ito, madaling ma-access ng mga field personnel at FVT ang mga lugar na ito, lalo na sa pagsasagawa ng field validation.

"Ang 16 na bagong deliver na motorsiklo ay bahagi ng 820 units na binili ng Kagawaran sa kabuuang halaga na P123 milyon," aniya.

Matapos matanggap ang labing-anim (16) na unit ng motorsiklo mula sa Regional Office, ang DAR-Northern Samar ay nagsagawa ng pagbabasbas ng mga yunit upang i-turn over ang mga ito sa field FVTs.

Ang Project SPLIT ay isang proyektong ng DAR na pinondohan ng World Bank. Ang proyektong ito ay naglalayon na mapabuti ang seguridad ng panunungkulan at palakasin ang mga karapatan sa ari-arian ng mga ARB sa pamamagitan ng paghahati-hati ng Collective Certificate of Land Ownership Awards o CCLOAs para sa indibidwal na pagpapatitulo ng lupa.

Nakatanggap din ang probinsya ng isang yunit na multi-function laser photocopier machine.

MARSO 10

# DAR inilunsad and proyektong inter-agency marketing platform para sa mga magsasaka ng MiMaRoPa




POLA, Oriental Mindoro--Inilunsad kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR) ng Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan (MiMaRoPa) ang KaSaMa (Katuwang sa Market) para sa Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs): An Inter-Agency Unified Marketing Platform.

Ang proyektong KaSaMa ay isang diskarte sa marketing na idinisenyo upang magbigay ng mas maraming pagkakataon para sa mga organisasyon o kooperatiba ng ARBs sa rehiyon ng MiMaRoPa na magkaroon ng mas malaking halaga sa mga merkado sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang negosyante at mga mamimili.

Sinabi ni DAR Regional Director Marvin Bernal na ang KaSaMa project ay naganap noong kasagsagan ng pandemya nang ang mga paghihigpit sa lokal na transportasyon ng mga ani ng mga magsasaka ay naging pangunahing suliranin.

"Nagkaroon ng pagtaas ng pagkalugi pagkatapos ng ani sa palay, gulay, at iba pang pangunahing pananim na humigit-kumulang 10-30 porsiyento. Karamihan sa mga magsasaka ay may mababa o walang daan sa napapanahon at tumpak na impormasyon sa mga pangangailangan sa merkado. Ang epekto nito, depende sa pangangailangan ng merkado, ang panunustos ng mga magsasaka ay hindi na-maximize," ani Bernal.

Sinabi ni Bernal na layunin ng proyekto na mapabuti ang buhay ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagtaas ng kita, tiyak na pamilihan, at tamang presyo para sa kanilang mga produkto.

Ang rehiyon ng MiMaRoPa ay may kabuuang 288 agraryong kooperatiba na may 27,836 ARBs. Mula sa kabuuang mga kooperatiba, 56 lamang ang may marketing arrangements sa mga institusyunal na mamimili.

"Sa mga datos na ito, ang mga pagsisikap na mapaabot sa mga merkado ang produkto ng mga magsasaka ang aming pinakapriyoridad upang mapabuti ang buhay ng mga magsasaka," ani Bernal.

Para sa paunang pagpapatupad nito, 58 agraryong kooperatiba na may mahigit 6,000 miyembro ang maaabot ng proyekto.

Sa kasalukuyan, pinapakinabangan ng DAR ang social media platform sa pag-promote ng mga produkto ng

Sundan sa pahina 6

Mula sa pahina 5



magsasaka partikular sa Facebook page ng DAR, Instagram, at Twitter. Ngayon, madaling ng ma-access ng mga magsasaka ang lahat ng mga marketing platform.

"Ang proyektong ito ay magpapasigla sa mga inisyatiba ng convergence ng pamahalaan gamit ang mekanismo ng whole-of-nation approach. Sa pagtutulungan ng iba't ibang stakeholder, mas malawak na merkado ang maaabot para sa kapakanan ng mga magsasaka," ani Bernal.

Ang KaSaMa ay isang collaborative project ng DAR, Department of Agriculture (DA), Mindoro State University (MinSU), Philippine Information Agency (PIA), Department of Information and Communications Technology (DICT), Provincial Local Government Unit (PLGU) ng MiMaRoPa. Ito ay nilikha upang tulungan ang mga ARB na ibenta ang kanilang mga produkto sa pamamagitan ng on-line na mga marketing platform.

**MARSO 11**

# DAR, WORLD BANK NAGTATAG NG SPLIT PROJECT COMPOSITE TEAM



Inihahanda na agad ng DAR ang mga mekanismo para sa pamamahagi ng suportang serbisyo sa mga magsasakang benepisyaryo na tatanggap ng mga indibidwal na titulo ng lupa sa ilalim ng proyektong Support to Parcelization of Land for Individual Titling (SPLIT) sa pagnanais na mapigilan ang pagsasanla o pagbebenta ng mga lupang pansakahan.

Sinabi ni DAR Secretary Conrado Estrella III na naitatag nitong nagdaang Linggo ang Project SPLIT composite team na magsasagawa ng World Bank Gap Analysis Study (WBGAS) upang malaman ang mga nararapat at napapanahong tulong serbisyong pangkaunlaran na ibibigay sa mga benepisyaryo at masigurong pauunlarin nila at palalaguin ang mga ani sa kani-kanilang mga lupang pansakahan.

"Hangga't maaari, nais namin na maging produktibo ang mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) at mapanatili sa kani-kanilang pag-aari ang mga lupang pansakahang iginawad sa kanila sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) habang pinaglalabanan nila ang tuksong isanla o ibenta ang mga ito," ani Estrella.

Pinagdiinan ni Estrella na gagawin ng DAR ang lahat ng paraan upang masiguro na matutugunan ang mga panimulang pangangailangan ng mga ARBs sa ilalim ng SPLIT project upang masimulan agad nila ang paglilingap sa kani-kanilang mga lupang pansakahan sa oras na matanggap na nila ang kani-kanilang mga pansarilinang titulo.

"Ayaw nating makakita kahit isa man lang na magsasakang benepisyaryo na nagbebenta ng kanyang lupang pansakahan dahil lamang sa kawalan ng mga kinakailangan sa pagsasaka. Kapag nangyari ito, masisira ang layunin ng SPLIT project," ani Estrella.

Ang nasabing pag-aaral ay isasagawa sa pagtutulungan ng DAR at ng World Bank.

Hinirang ni Estrella si Foreign-Assisted Special Project Assistant Secretary Rene Colocar bilang pinuno ng nasabing SPLIT project composite team sa panig ng DAR. Makakatulong ni Colocar si Rhoderick Torres bilang kanang kamay at mga kasapi ng team mula sa DAR central office at mga chief agrarian reform program officers mula sa iba't-ibang rehiyon at lalawigan sa buong bansa.

Ang joint DAR-World Bank composite team ay naatasang pag-aralang ang mga sumusunod:

· Suportang serbisyong kailangan ng mga ARB Organizations (ARBOs), clustered agrarian reform communities, forestry people's organizations;
· Extension services, tulad ng technology transfer, farmers' field and business schools;
· Kakayahang makatanggap ng mga ARBs ng mga pangangailangan sa pagtatanim, mga makinarya, pamuksa ng mga peste at mga kahanlintulad ng mga ito;
· Business development at planning'
· Land tenure legal services – pantay-pantay na pakikipagnegosasyon at iba pang transaksyon;
· Access sa market information;
· Access sa funds; at
· Access sa agriculture insurance.

Sa kabilang banda, ang gap and needs analysis ay nakatuon sa mga sumusunod:

· Desk review ng mga reports at publikasyon sa mga tulong serbisyo para sa mga ARBs;
· Data analytics ng ARB survey data, kabilang ang mga pangunahing impormasyon sa kasalukuyang suportang serbisyong natatanggap ng mga ARBs;
· Focus group discussions ng mga ARBs, central/regional/provincial staff of agencies providing support services; agriculture-based civil society organizations; financial institutions; private and business sector, farmers' organizations at iba pang stakeholders.

Ang report ng pag-aaral ay ibabahagi sa World Bank at sa pamunuan ng DAR upang pag-aralan kung ano ang mga nararapat gawin o aksyon.

Ang SPLIT project, sa pagmamagandang-loob ng World Bank, ay inilunsad noong Enero 2020. Layunin nito na paghati-hatiin ang mga Collective Certificates of Land Ownership Award (CCLOAs) bilang mga indibidwal na titulo ng lupa. Ito ay upang magkaroon ang mga benepisyaryong magsasaka na ariin ang bahagi niya sa lupang pansakahan, pagyamanin ito ayon sa kanyang nais at gawin niya ang pansariling kaunlaran at kinabukasan.

**MARSO 12**

# PARTNERSHIP NG DAR, IFAD PALALAKASIN ANG PAMUMUHAY NG MGA MAGSASAKA SA SOCCSKSARGEN

Sa ginanap na pagpupulong kamakailan ng Department of Agrarian Reform (DAR at ng International Fund for Agricultural Development (IFAD), ang bagong foreign assisted project, "Value Chain Innovation for Sustainable Transformation in Agrarian Reform Communities" (VISTA) Project, ay napag-usapan ang pagpapalakas sa pamumuhay ng mga agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa SOCCSKSARGEN region.

Layunin ng VISTA Project na mapagbuti ang pamumuhay at maisaayos ang community resilience ng mga vulnerable rural population sa pamamagitan ng Value Chain Development (VCD) approach na naka-angkla sa natural na ecosystem adaptation.

Sundan sa pahina 7

Mula sa pahina 6

Ang IFAD mission team ay binubuo ng mga experts mula sa ibang bansa na may espesyalisasyon sa rural finance, value chain innovation, environment at natural resources, institution, governance at land tenure, at iba pa.

Nagpahayag si IFAD team leader, Dorothy Lucks, sa posibilidad ng maihahain ng rehiyon dahil ang proyekto ay may inobasyon sa kape, kakao at produksyon ng niyog na mapakikinabangan ng mga ARB sa mga agrarian reform community (ARC).

"Layunin ng VISTA Project na madagdagan ang employment, mapagbuti ang food security at nutrisyon, at mabawasan ang kahirapan, habang pinananatili ang cultural integrity ng mga komunidad, at mapanatili rin ang natural ecosystem dito," aniya.

Ang mga aktibidad ay isasagawa ng IFAD at DAR team sa mga focused group discussions sa proyekto kasama ang mga recipient ARB organizations, partner LGUs/ PLGUs, agencies, microfinance institutions, private sectors at iba pang stakeholders sa value chain ng coffee, cacao at coconut.

Ayon kay DAR Foreign Assisted and Special Projects Office Assistant Secretary Rene Colocar ang aktibidad na ito ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr., sa pamamagitan ng liderato ni DAR Secretary Conrado




Estrella III, na mapaunlad ang pamumuhay ng mga ARB sa bansa.

"Alinsunod sa Philippine development plan for 2023-2028, ang DAR at IFAD ay muling magpapatunay na sa kanilang partnership ay magbibigay ng sapat na suportang serbisyo sa mga ARB," aniya.

Sa susunod na linggo, bibisita ang mga nasabing team sa mga ARC site sa rehiyon na kinabibilangan ng Brgy. Linan sa Tupi, South Cotabato, sa bayan ng President Quirino sa Sultan Kudarat, Maasim sa Sarangani province, at Antipas sa Cotabato province, upang makalipon ng mga komprehensibong mga datos mula sa mga magsasaka at stakeholders upang malaman ang pinakamainam na disenyo ng proyekto at maihulma sa mga pangangailangan ng mga magsasaka sa mga naturang lugar.

DAR naglabas ng 406 titulo ng lupa para sa mga ARB ng Sarangani

Naglabas kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng 406 ng electronic land titles (e-titles), na may kabuuang lawak na 601.82 ektarya ng lupain upang mapalakas ang seguridad sa pag-aari sa lupa ng 394 agrarian reform beneficiaries (ARBs), na matagal ng nagbubungkal ng kani-kanilang lupain na matatagpuan sa Alabel, Sarangani.

Ang aktibidad na ito ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos, Jr., kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na palakasin ang karapatan sa ari-arian ng mga ARB sa buong bansa.

Ang e-titles ay sumasakop sa pitong (7) bayan ng Sarangani, na kinabibilangan ng Alabel na may 13 e-titles; Glan, 37; Kiamba, 14; Maasim, 7; Maitum, 222; Malapatan, 63; at Malungon, 50.

Ayon kay Cenon S. Original, OIC-Provincial Agrarian Reform Officer II, ang mga e-titles ay nailabas sa ilalim ng DAR's Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT) project.

Ang SPLIT Project ay ang paghahati-hati at pag-iisyu ng indibidwal na titulo sa mga ARB na dati ng nabigyan ng lupa sa ilalim ng collective certificate of land ownership award (CCLOA).

"Ang mga e-titles ay tumutukoy sa eksaktong sukat at hangganan ng mga lugar na sakop sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na ibibigay sa mga ARB," paliwanag niya.

Idinagdag pa ni Original na dahil dito, ang mga ARB ay magkakaroon ng ganap na kontrol sa kanilang mga lupain upang maging produktibo ang mga ito.

"Tayo po ay nagpapasalamat sa Registry of Deeds dahil sa kanilang walang-tigil na suporta sa tumpak at mabilis na pag-proseso at pag-encode ng mga indibidwal na titulo ng lupa upan ang mga ARB ay maging lehitimong may-ari ng lupang kanilang binubungkal upang magsilbing inspirasyon sa kanila upang gawing mas produktibo at lalo pang pagyamanin ang kanilang mga bukirin," aniya.

Noong nakaraang taon, ang DAR, sa ilalim ng SPLIT Project, ay namahagi ng 520 e-titles sa 292 ARBs mula sa Sarangani at General Santos City.

**MARSO 14**

# DAR NAGLABAS NG 406 TITULO NG LUPA PARA SA MGA ARB NG SARANGANI



Naglabas kamakailan ang Department of Agrarian Reform (DAR) ng 406 ng electronic land titles (e-titles), na may kabuuang lawak na 601.82 ektarya ng lupain upang mapalakas ang seguridad sa pag-aari sa lupa ng 394 agrarian reform beneficiaries (ARBs), na matagal ng nagbubungkal ng kani-kanilang lupain na matatagpuan sa Alabel, Sarangani.

Ang aktibidad na ito ay naaayon sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos, Jr., kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na palakasin ang karapatan sa ari-arian ng mga ARB sa buong bansa.

Ang e-titles ay sumasakop sa pitong (7) bayan ng Sarangani, na kinabibilangan ng Alabel na may 13 e-titles; Glan, 37; Kiamba, 14; Maasim, 7; Maitum, 222; Malapatan, 63; at Malungon, 50.

Ayon kay Cenon S. Original, OIC-Provincial Agrarian Reform Officer II, ang mga e-titles ay nailabas sa ilalim ng DAR's Support to Parcelization of Lands for Individual Titling (SPLIT) project.

Ang SPLIT Project ay ang paghahati-hati at pag-iisyu ng indibidwal na titulo sa mga ARB na dati ng nabigyan ng lupa sa ilalim ng collective certificate of land ownership award (CCLOA).

"Ang mga e-titles ay tumutukoy sa eksaktong sukat at hangganan ng mga lugar na sakop sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na ibibigay sa mga ARB," paliwanag niya.

Idinagdag pa ni Original na dahil dito, ang mga ARB ay magkakaroon ng ganap na kontrol sa kanilang mga lupain upang maging produktibo ang mga ito.

"Tayo po ay nagpapasalamat sa Registry of Deeds dahil sa kanilang walang-tigil na suporta sa tumpak at mabilis na pag-proseso at pag-encode ng mga indibidwal na titulo ng lupa upang ang mga ARB ay maging lehitimong may-ari ng lupang kanilang binubungkal upang magsilbing inspirasyon sa kanila upang gawing mas produktibo at lalo pang pagyamanin ang kanilang mga bukirin," aniya.

Noong nakaraang taon, ang DAR, sa ilalim ng SPLIT Project, ay namahagi ng 520 e-titles sa 292 ARBs mula sa Sarangani at General Santos City.

# Mga ARB sa Romblon dumalo ng pagsasanay sa pagproseso ng cassava crackers





Tatlumpung (30) agrarian reform beneficiaries (ARBs) na kabilang sa Sikap-Kabuhayan Agrarian Reform Cooperative sa San Fernando, Romblon kamakailan ay sumailalim sa "Hands-on Training on Cassava Crackers Making" na itinaguyod ng Department of Agrarian Reform (DAR) at ng Department of Trade and Industry (DTI) na ginanap sa Brgy. Espana, San Fernando, Romblon.

Pinangasiwaan ng mga opisyal at tauhan ng dalawang ahensya ang pagsasanay para i-komersyal at isulong ang industriya ng kamoteng kahoy bilang potensyal na alternatibong pananim na pagkain upang suportahan ang ultimong layunin ng pamahalaan na makamit ang kasaganaan ng pagkain sa bansa.

Ipinahayag ni Camilo Claro Pacquing, DAR-Romblon Provincial Agrarian Reform Program Officer, ang pangako ng DAR na susuportahan at pauunlarin ang mga produkto ng kooperatiba.

"Ang mga kalahok ay sinanay sa pamamagitan ng digital presentation at hands-on application ng pagproseso ng produksyon ng cassava," aniya.

Ibinunyag niya na ang mga kinatawan ng DTI ay nagbigay ng teknikal na interbensyon para magkaroon sila ng kaalaman sa mga diskarte sa gastos at pagpepresyo at tumulong din sila sa pag-label at packaging ng produkto.

"Ang pagkakaroon ng mga produkto ay isang makabagong hakbang upang idagdag sa "nito handicraft products" ng kooperatiba na may layuning lumikha ng isa pang mapagkukunan ng kita at karagdagang trabaho para sa mga miyembro ng kooperatiba," aniya.







# ESTRELLA INATASAN ANG MGA OPISYAL NG DAR NA MANGASIWA SA PROYEKTONG SPLIT SA BAWAT REHIYON

Inatasan ni Agrarian Reform Secretary Conrado Estrella III ang kanyang mga opisyal sa sentral na tanggapan sa bawat Rehiyon upang mapabilis ang pagproseso ng mga indibidwal na electronic land title (e-titles) at kaukulang ektarya ng mga lupang pang-agrikultura para muling ipamahagi sa agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa ilalim ng Support to Parcelization of Land for Individual Titling (SPLIT) project

Sinabi ni Estrella na ang lahat ng DAR undersecretaries at assistant secretaries ay nabigyan ng partikular na mga tungkulin upang direktang makipagtulungan sa mga regional director upang matiyak na ang pagproseso ng mga indibidwal na e-title sa ilalim ng Project SPLIT ay nasa iskedyul.

"Kailangan nating pabilisin ang pamamahagi ng pansariling e-titles dahil ang ating mga ARB ay naghahangad na bungkalin ang kani-kanilang mga lupang pansakahan," ani Estrella.

Hinirang ni Estrella si Undersecretary for External Affairs and Communications Operations, Atty. Marilyn Barua-Yap, na pangasiwaan ang SPLIT project sa Ilocos at Cordillera Autonomous Regions; Undersecretary for Support Service, Atty. Milagros Isabel Cristobal, sa Cagayan Valley, Central Visayas at Caraga; Undersecretary for Field Operations, Atty. Kazel Celeste, sa Calabarzon and Mimaropa; at Undersecretary for Mindanao Affairs and Rural Development Amihilda Sangcopan sa Western Mindanao and Soccsksargen;

Sina Undersecretary for Planning, Policy and Research, Atty. Luis Meinrado Pañgulayan, ay itinalaga sa Central Luzon; Undersecretary for Legal Affairs, Atty. Napoleon Galit, sa Bicol, habang nakikipagtulungan kay Undersecretary for Foreign Assisted for Special Project Jesry Palmares sa pangangasiwa sa Western Visayas at Eastern Visayas; at Undersecretary for Finance Management and Administration Jeffrey Galan sa Northern Mindanao.

Tinawagan din ni Estrella ang lahat ng mga assistant secretary na makipagtulungan upang maisakatuparan ang proyektong SPLIT nang maayos at masigurong bawat hakbang ay nasusubaybayan nang mabuti para maiwasan ang anumang pagkakamali.

"Hangga't maaari, ayaw nating ulitin ang buong proseso dahil lamang sa munting kamalian. Nais nating siguruhing ang lahat ay maayos na naisasakatuparan," aniya.

Sa kabila nang masalimuot na proseso ng paghahati-hati ng mga collective CLOA, dahan-dahan ngunit patuloy na lumalaki na rin ang nagagawa ng DAR.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa 18,802 nahahati-hatin e-titles na sumasaklaw sa 23,898 ektaryang lupang pansakahan ang naipamahagi na sa 16,888 ARBs.

## MARSO 17

# Estrella inatasan ang mga opisyal ng DAR na mangasiwa sa proyektong SPLIT sa bawat Rehiyon



Inatasan ni Agrarian Reform Secretary Conrado Estrella III ang kanyang mga opisyal sa sentral na tanggapan sa bawat Rehiyon upang mapabilis ang pagproseso ng mga indibidwal na electronic land title (e-titles) at kaukulang ektarya ng mga lupang pang-agrikultura para muling ipamahagi sa agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa ilalim ng Support to Parcelization of Land for Individual Titling (SPLIT) project

Sinabi ni Estrella na ang lahat ng DAR undersecretaries at assistant secretaries ay nabigyan ng partikular na mga tungkulin upang direktang makipagtulungan sa mga regional director upang matiyak na ang pagproseso ng mga indibidwal na e-title sa ilalim ng Project SPLIT ay nasa iskedyul.

"Kailangan nating pabilisin ang pamamahagi ng pansariling e-titles dahil ang ating mga ARB ay naghahangad na bungkalin ang kani-kanilang mga lupang pansakahan," ani Estrella.

Hinirang ni Estrella si Undersecretary for External Affairs and Communications Operations, Atty. Marilyn Barua-Yap, na pangasiwaan ang SPLIT project sa Ilocos at Cordillera Autonomous Regions; Undersecretary for Support Service, Atty. Milagros Isabel Cristobal, sa Cagayan Valley, Central Visayas at Caraga; Undersecretary for Field Operations, Atty. Kazel Celeste, sa Calabarzon and Mimaropa; at Undersecretary for Mindanao Affairs and Rural Development Amihilda Sangcopan sa Western Mindanao and Soccsksargen;

Sina Undersecretary for Planning, Policy and Research, Atty. Luis Meinrado Pangulayan, ay itinalaga sa Central Luzon; Undersecretary for Legal Affairs, Atty. Napoleon Galit, sa Bicol, habang nakikipagtulungan kay Undersecretary for Foreign Assisted for Special Project Jesry Palmares sa pangangasiwa sa Western Visayas at Eastern Visayas; at Undersecretary for Finance Management and Administration Jeffrey Galan sa Northern Mindanao.

Tinawagan din ni Estrella ang lahat ng mga assistant secretary na makipagtulungan upang maisakatuparan ang proyektong SPLIT nang maayos at masigurong bawat hakbang ay nasusubaybayan nang mabuti para maiwasan ang anumang pagkakamali.

"Hangga't maaari, ayaw nating ulitin ang buong proseso dahil lamang sa munting kamalian. Nais nating siguruhing ang lahat ay maayos na naisasakatuparan," aniya.

Sa kabila nang masalimuot na proseso ng paghahati-hati ng mga collective CLOA, dahan-dahan ngunit patuloy na lumalaki na rin ang nagagawa ng DAR.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa 18,802 nahahati-hatin e-titles na sumasaklaw sa 23,898 ektaryang lupang pansakahan ang naipamahagi na sa 16,888 ARBs.

## MARSO 18

# 150 DAR DEVELOPMENT FACILITATORS DUMALO SA PAGSASANAY SA COMMUNITY ORGANIZING SA EASTERN SAMAR






LUNGSOD NG TACLOBAN – May kabuuang isandaan-limampung (150) development facilitators (DFs) ng Department of Agrarian Reform (DAR) ang dumalo sa limang araw na pagsasanay sa Enterprise-based Agrarian Reform Community Organizing and Development (E-ARCOD) para mapabuti ang antas ng pag-unlad ng agrarian reform beneficiaries (ARBs), ARB organizations (ARBOs) at agrarian reform communities (ARCs) sa Eastern Visayas.

Sinabi ni Agrarian Secretary Conrado Estrella III na patuloy na tataas ang bilang ng mga ARBO na nabuo at inorganisa dahil isa ito sa mga mandato ng ahensya na makipag-ugnayan sa mga organisasyon at mabigyan sila ng angkop at kinakailangang suportang serbisyo upang matiyak ang mas magandang kalidad ng kanilang buhay.

Sinabi ni Ismael Aya-ay, Eastern Visayas Assistant Regional Director, na ang nasabing mga DF ay binigyan ng pagsasanay sa mga social entrepreneurial skills upang mapahusay ang kakayahan ng mga opisyal at miyembro ng ARBO na maging epektibo at mahusay na mapamahalaan ang kani-kanilang organisasyon.

Sinabi niya na ang E-ARCOD ay karaniwang tumatalakay ng pag-unlad sa kanayunan, pag-oorganisa ng komunidad, at mga extension services na sumasaklaw sa mga iba't ibang yugto ng pagsasaka ng ARB mula sa produksyon hanggang sa marketing.

Ibinahagi ni Al Francis Caballero, isang DF sa halos tatlong taon ng nakatalaga sa Ormoc City sa lalawigan ng Leyte, na mas kumpiyansa siya sa pagtupad sa kanyang tungkulin bilang DF dahil sa mga natutunan niya sa pagsasanay.

"Ang kaalaman na nakuha ko dito ay magpapahusay sa aking mga kasanayan sa komunikasyon, paglutas ng problema at kritikal na pag-iisip, na mahalaga sa pag-oorganisa ng komunidad," aniya.

Pinuri ni Rosemarie Balanquit, Provincial Agrarian Reform Program Officer ng DAR Northern Samar ang mga resource speaker para sa komprehensibong pagtalakay sa iba't ibang paksa na nagpapanatili sa interes ng mga kalahok hanggang sa huling araw ng pagsasanay.

# DAR Western Visayas nakatanggap ng Bronze Award mula sa CSC




Ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa Kanlurang Visayas ay nakatanggap kamakailan ng Bronze Award mula sa Civil Service Commission (CSC) sa ilalim ng Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HRM) para sa pagpapatuloy na pagpapatupad ng namumukod-tanging kasanayan nito sa pamamahala ng human resource.

Ang PRIME-HRM Award System ay naglalayon na ipagdiwang at kilalanin ang kahusayan sa mga human resource management system at kakayahan ng mga ahensya ng gobyerno sa ilalim ng 4 na pangunahing bahagi ng HRM. Kabilang sa 4 na pangunahing bahagi ng HRM na ito ang: (1) Recruitment Selection and Placement (RSP), (2) Learning and Development (L&D), (3) Performance Management (PM), at (4) Rewards and Recognition (R & R). Ang mga ahensyang nakakatugon sa lahat ng mga indicator ng Maturity Level 2 ay pinagkalooban ng Bronze Award.

Kinilala rin ng Komisyon ang DAR Kanlurang Visayas sa pagiging sumusunod sa mga batas, tuntunin, at regulasyon sa serbisyo sibil sa pag-isyu ng mga appointment at iba pang programa sa HR at pinanatili ang pamamahala ng mga talaan ng HR nito.

Dahil sa napagkalooban ng PRIME-HRM Bronze Award, ang CSC ay nagbigay ng mga pribilehiyo sa Departamento tulad ng awtoridad na mag-apruba ng mga appointment, na napapailalim sa post audit, bukod sa iba pa.

Ang nasabing parangal ay isang manipestasyon na itinataguyod ng DAR Western Visayas ang "People Excellence for Service Excellence"-- isang pilosopiyang gumagabay sa ahensya sa pagtulong sa bawat empleyado na maging "Lingkod Bayani" sa serbisyo ng mga agrarian reform beneficiaries sa Kanlurang Visayas.

Nagbigay din ang CSC ng 20% na diskwento sa tanggapan ng rehiyon ng DAR para sa mga pagsasanay at kumperensya ng Civil Service Institute, eksklusibong membership sa Community of Learners na maaaring ma-access ang mga digital learning resources at iba pang developmental opportunities, nominasyon o rekomendasyon para sa scholarship grant o CSC Certification Program, at anunsyo ng mga programa at proyekto ng ahensya sa bureaucracy-wide sa pamamagitan ng CSC website.

Ang parangal ay tinanggap ni Gideon A. Umadhay Jr., DAR Assistant Regional Director for Support to Operations, Lucrecia S. Taberna, Asst. Regional Director for Program Beneficiaries Development and Land Tenure Security Program, at Josephine D. Pamulag, regional personnel officer sa Grand Xing Imperial Hotel, Iloilo City.



# MGA MAGSASAKA NG SOCOT INIHAHANDANG MAGING AGRI-ENTREPRENEUR






Inihahanda ang mga agrarian reform beneficiary (ARB) sa Polomolok, South Cotabato na maging agri-entrepreneur sa inilunsad ng Department of Agrarian Reform (DAR) na ika-14 na Farm Business School (FBS) sa nasabing bayan.

Ang FBS, na nagbibigay edukasyon sa mga ARB na mapagbuti ang kanilang farm production, at marketing strategy, ay alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella III, na mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka.

Ipinahayag ni Dolefil Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative (DARBC) Vice-Chairman Maria Antonia Banting ang commitment ng kooperatiba at nangako ng partisipasyon sa kurso ng programa.

"Sa programang ito,mapapaunlad ng ating mga magsasaka ang kanilang produksyon at kakayahang kumite sa sakahan," aniya.

Mabibigyan ng FBS ang mga ARBs ng kaalaman sa sustainable farming, at tuturuan sila sa mga pagbabago, pag-unlad, at gawing kaaya-aya ang kanilang produkto sa merkado upang sila ay maging epektibong magsasakang-negosyante.

Sundan sa pahina 11

Mula sa pahina 9

Ayon kay Charish Paña, DAR-South Cotabato Provincial Agrarian Reform Program Officer II, ang pagpapatupad ng programa ay tatakbo sa loob ng 16 linggo at may 25 hands-on session.

"Ang mga ARB na dadalo sa FBS ay napakaswerte sapagkat halos nasa pintuan na lamang nila ang learning center. Hindi na nila kailangang pumunta sa paaralan upang matutuhan ang mga napakahalagang leksyon na madadanasan nila sa programa," aniya.

Ang FBS ay ipinatupad sa pakikipag-ugnayan sa DARBC, Department of Agriculture, Department of Trade and Industry, at iba pang Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP-implementing agencies.

**MARSO 21**

# MGA EMPLEYADO NG DAR SASAILALIM SA STRATEGIC PLANNING-WORKSHOP

Ang mga pangunahing opisyal at tauhan ng Office of the Undersecretary for Special Concerns (SCO-EACO) at External Affairs and Communications Operations ay nakatakdang sumailalim sa isang strategic planning seminar-workshop mula Marso 23 - 24 sa University Hotel sa UP Diliman.

Tinaguriang "Crafting a Blueprint for Public Value Creation," kasama rin sa aktibidad ang mga kalahok mula sa tatlong sektor ng SCO-EACO, na pinamumunuan ni Undersecretary Atty. Marilyn B. Barua-Yap. Ang mga sektor na ito ay ang Public Assistance and Media Relations Service (PAMRS), ang




Clientele Relations Service (CRS), at ang Legislative Liaison and External Affairs Service. Dadalo rin ang mga pangunahing opisyal at piling tauhan mula sa Foreign-Assisted and Special Projects Office (FASPO) at Office for Mindanao Affairs (OMA).

Ang seminar-workshop ay isasagawa ni Dr. Edgardo Pangilinan, ang Deputy Secretary-General ng House of Representatives, na isang dalubhasa sa strategic management at aktibong lecturer sa University of the Philippines (UP) at Development Academy of Pilipinas (DAP).

Sinabi ni Undersecretary Yap na ang seminar-workshop ay bahagi ng capacity-building thrust ng DAR sa ilalim ng pamumuno ni Secretary Conrado M. Estrella III, na ang prayoridad ay maihatid ang gobyerno sa mga tao.

Ang strategic planning workshop ay magtuturo sa mga kalahok ng mga pangunahing kaalaman sa strategic analysis, practical tools, at mga pamamaraan tungo sa pagbuo at pagpapatupad ng estratehikong roadmap ng sektor sa susunod na limang taon.

# DAR TARGET ANG 100% RESOLUTION AT COMPLIANCE RATING PARA SA 2023 SA ILALIM NG 8888

Target ng Department of Agrarian Reform (DAR) na makakuha ng 100-porsyento ng resolution at compliance rating ngayong taon sa ilalim ng 8888 Citizens' Complaint Action Program ng pamahalaan.

Ibinunyag ito ni DAR Secretary Conrado Estrella III makaraang purihin ng Office of the President ang DAR dahil sa mabilis at napapanahong paraan ng pagtugon nito sa lahat ng 479 usapin at hinaing ng mga mamamayan na idinulog dito nitong nakalipas na taon.

"Nagagalak akong iparating sa inyong kaalaman na sa 479 suliraning idinulog sa iyong opisina mula Enero 1, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022, lahat ng mga ito o 100-porsyento ang naaksyunan. Pinupuri namin ang inyong pagsisikap na siguruhing natutugunan ang lahat ng mga suliraning may kinalaman sa inyong opisina sa tamang oras," ani Bernadette Casinabe, pinuno ng 8888 Citizens' Action Center.

Ayon kay Casinabe, lahat, maliban sa anim na usapin o hinaing na idinulog ng 8888 Citizens' Complaint Center sa DAR, ay natugunan sa loob lamang ng tatlong araw o 72 oras para sa mataas na 98.75-percent compliance rating.

Ipinarating din ni Casinabe ang hangaring "patuloy nating pagtulungan ang laban sa red tape at katiwalian.

Malugod namang tinanggap ni Secretary Estrella ang papuri habang idineklara niya na lalo pang pag-iigihan ng DAR ang paglilingkod sa pamamagitan ng pag-abot sa target nitong 100-porsyentong resolution at compliance rating para sa taong kasalukuyan.

"Patuloy kaming magsisikap at gagawin namin ang lahat upang matugunan sa mabilis at maayos na paraan ang lahat ng usapin at hinaing na idudulog na may kinalaman sa aming tanggapan," sabi ng hepe ng DAR.

Sa panig naman ni Atty. Jason Collado, director ng Clientele Relations Service, ang responsable sa pagtugon sa mga usapin at hinaing ng mga kliyente, pinuri nito ang mga frontliner ng DAR central at field offices sa mabilis na pagtugon sa mga alalahanin ng mga kliyente..

"Masaya kaming ginagawa ang aming tungkulin at, iyon ay: 'Pagsilbihan ang ating mga kababayan sa abot nang aming kakayahan,'" aniya.

Ang 8888 Citizens' Complaint Center ay itinatag noong Hunyo 2007 upang magsilbi bilang mekanismo kung saan maaaring idulog ng mga mamamayan ang kanilang mga hinaing at suliranin hinggil sa mga kalakarang red tape sang-ayon sa itinatadhana ng Republic Act 9485 na tinagurian bilang "Anti-Red Tape Act, na sinusugan ng RA No. 11032.

Tumutugon din ito sa mga kaso ng katiwalian laban sa lahat ng mga pambansang ahensya ng pamahalaan, mga korporasyong pag-aari o kontrolado ng pamahalaan, mga institusyong pananalapi at iba pang mga instrumentalidad.

**MARSO 22**

# 3 AGRARIAN COOPERATIVE SA CAMNORTE TUMANGGAP NG MOTORSIKLONG PANGHAKOT

DAET, Camarines Norte — Tatlong agrarian reform beneficiary organizations (ARBOs) ang tumanggap ng tig-isang motorsiklong panghakot mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) dito.

Ang mga mga delivery service vehicle na nagkakahalaga ng P170,000.00 bawat isa ay gagamitin para sa paghahatid ng mga ani at produkto ng mga magsasaka sa mga pribadong mamimili at sa mga pamilihang bayan.

Sinabi ni Meralyn Bongais, DAR Provincial Agrarian Reform Program Officer, na sa pamamagitan ng mga service vehicle, mapapalawak ng tatlong kooperatiba ang kanilang operasyon at mapatataas ang kita ng mga miyembrong magsasaka gayundin ng organisasyon.

Isinagawa ng DAR ang paglagda sa Trust Agreement at ang certificate of turnover para sa opisyal na



Sundan sa pahina 12

Mula sa pahina 11

pagtanggap ng mga motorsiklong panghakot sa San Jose Agrarian Reform Beneficiaries Association (SARA), San Pascual Agrarian Reform Beneficiaries Organization (SPARBO), at sa Brgy. Maisog Agrarian Reform Beneficiaries Organization (BMARBO).

Ang mga sasakyan ay ipinagkaloob sa ilalim ng Sustainable Livelihood Support for Disaster Affected Areas at ang Expanded Partnership Against Hunger and Poverty programs.

"Ang pagkakaroon namin ng panghakot ay malaking tulong dahil hindi na kami mahihirapan sa pagdadala ng aming mga produkto sa merkado, kung saan maaari naming ibenta ang mga ito sa makatwirang presyo. Iyan ang isa sa maraming bagay na ipinagpapasalamat namin. Napakalaking tulong nito para sa mga agrarian reform beneficiaries na katulad namin," ani Marilyn Francisco, opisyal ng BMARBO.

Ang BMARBO, isang organisasyon na ang produkto ay niyog, ay isa rin sa organisasyong pinagkalooban ng proyekto sa ilalim ng Sustainable Livelihood Support for Disaster-Affected Areas para sa taong 2023.

Idinagdag ni Francisco na makatatanggap din sila ng isang startup kit na magpapahintulot sa kanila na magtatag ng isang broiler production project na magbibigay ng karagdagang kita para sa kanilang mga pamilya.

Sinabi ni Alicia Almacin, DAR chief for support services, na ang negosyong rice trading ng SPARBO ay patuloy na pinakikinabangan ng mga magsasaka, habang ang SARA ay ganap namang kumikita sa kanilang negosyong egg production.

**MARSO 23**

# 11 organisasyon ng mga magsasaka sa Sultan Kudarat tumanggap ng P2.9-M farm machinery






Labing-isang (11) agrarian reform beneficiaries' organizations (ARBOs) sa Sultan Kudarat ang nakatanggap kamakailan ng P2.9-milyong halaga ng farm machineries mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) upang mapalakas ang kanilang kabuhayan.

Kabilang sa mga farm machinery ang 13 unit ng hand tractor na may trailer na may halagang P130,000.00 bawat isa, walong (8) unit ng floating tiller (bao-bao) na may halagang P75,250.00 bawat isa at walong (8) unit ng power tiller (kuliglig) na may halagang P76,000.00 bawat isa.

Ang aktibidad ay alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. kay DAR Secretary Conrado Estrella, na magkaloob ng support services sa mga ARBOs sa buong bansa.

Ang mga ARBO na tumanggap ng farm machineries ay ang Libertad Peace and Development Farmers Association, Batang Bagras, Libertad Peace and Development Farmers Association, Maligaya Peace and Development, Telafas Peace and Development, Kalanawe II Farmers Association, Tambak Agrarian Reform Beneficiaries, Palavilla Barangay Irrigation, Barurao II Women's Association, Cadiz Rice Farmers Association, Nati Communal Irrigators Association, at P4MP Baras.

Nagpasalamat naman si Ruth D. Mayo, Board of Director ng Maligaya Telafas Peace and Development Farmers Association mula sa Columbio, sa DAR para sa kanilang muling pagtulong sa kanila.

"Taos-puso kaming nagpapasalamat sa DAR sa patuloy nilang pagtulong na mapagbuti ang aming pamumuhay. Ang mga farm machineries ay malaking tulong sa aming organisasyon. Asahan po ninyo na aalagaan namin ito at gagamitin ng maayos," aniya.

Ang mga farm machineries ay ipinagkaloob sa ilalim ng Sustainable and Resilient Agrarian Reform Communities Project, na naglalayong balansehin ang paglago ng ekonomiya, social well-being at pangangalaga sa kapaligiran.

Sinabi ni H. Roldan A. Ali, DAR Assistant Regional Director, na ang inisyatibong ito ay bahagi ng pagsisikap ng DAR na tulungan ang mga ARBO upang mapalakas ang kanilang produktibidad sa agrikultura at mapaunlad ang pamumuhay ng mga magsasaka.

"Umaasa kami na matutupad ang layunin ng mga farm machineries at maalagaang mabuti dahil ang mga ito ay magbibigay sa kanila ng mas mataas na produkto at kita," aniya.

Ang mga ARBO ay mula sa mga bayan ng Palimbang, Columbio, President Quirino, Lambayong, Lutayan, Kalamansig, Lebak, and Senator Ninoy Aquino, at Tacurong City.

**MARSO 24**

# BOHOL ARBS TUMANGGAP NG LUPANG AGRIKULTURAL



Siyamnapu't siyam (99) agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa bayan ng San Miguel sa lalawigan ng Bohol ang nakatanggap ng kabuuang 113 ektarya ng lupang pang-agrikultura mula sa Department of Agrarian Reform (DAR) upang mapaunlad ang kanilang pamumuhay.

Ang aktibidad ay naaayon sa adhikain ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., sa pamamagitan ng liderato ni DAR Secretary Conrado Estrella III, na mabigyan ng lupang pang-agrikultura ang mga magsasaka.

Sundan sa pahina 13

Mula sa pahina 12

Ang ipinamahaging lupain ay sakop ng dating pagmamay-ari nina Primo Almedilla, et al., sa Barangay Corazon sa nasabing bayan.
Sinabi ni Leomides Villareal, DAR Central Visayas regional director, na ang mga lupain na ibinigay sa mga magsasaka ay Malaki ang maitutulong para sa kanilang mga pang-araw-araw na pangangailangan.
"Bukod sa pagbibigay ng mga lupain, magbibigay din ang DAR ng mga kinakailangan ninyong suportang serbisyo upang maging produktibo ang inyong mga lupain at matulungan kayong tumaas ang inyong mga kita," aniya sa mga magsasaka.
Pinaalalahanan din ni Villareal ang mga ARB sa kanilang obligasyon sa mga lupain gaya ng pangangalaga dito at regular na pagbabayad ng buwis sa kanilang lupa.
Ang suportang serbisyo ng DAR ay kinabibilangan ng pagkakaloob ng imprastraktura, makinarya sa agrikultura, mga input sa agrikultura, teknolohiyang pang-agrikultura, pagsasanay at seminar, at access sa credits institutions, at iba pa.



MARSO 25

# KOOPERATIBA NG MGA MAGSASAKA NAGBUKAS NG DAIRY BOX SA JALAJALA, RIZAL

Nagbukas kamakailan ang Llano Farmers Multi-Purpose Cooperative (LFMPC), na matatagpuan sa Brgy. Bayugo, Jalajala, Rizal, as ng Dairy Box nito, ang una sa rehiyon ng CALABARZON.
Ang Dairy Box ay magiging sentro hindi lamang ng mga masasarap na produkto ng gatas ng kalabaw ng LFMPC, kundi maging ng iba't ibang produkto na gawa ng mga kalapit na kooperatiba at asosasyon sa lalawigan.
"Kami ay lubos na nagpapasalamat sa Department of Agrarian Reform (DAR), na siyang nanguna sa pakikipagtulungan sa pagitan ng iba't ibang ahensya ng gobyerno at mga lokal na pamahalaan upang mapatayo ang Dairy Box na ito," ani Lamberto Campo, LFMPC Board of Director (BOD) Chairman.
Kasama sa mga produktong inaalok ng Dairy Box ang flavored milk, pastillas de leche at iba pang produktong pang-pasalubong, na lahat ay gawa sa 100% fresh buffalo milk.




Sinabi ni Raul M. Leonin, DAR-Rizal Provincial Agrarian Reform Program Officer II, na ito ay isang patunay ng pagsisikap at dedikasyon ng LFMPC na magbigay ng sariwa at de-kalidad na mga produkto ng gatas, na nagsimula sa pagproseso ng pagawaan ng gatas mula pa noong 2006.
Inaasahang malaki ang maitutulong ng proyektong ito sa turismo ng Jalajala
Bukod sa DAR, ang iba pang kinauukulang tanggapan na kasama sa pagtatayo ng Dairy Box ay ang Philippine Carabao Center, University of the Philippines-Los Baños, Departments of Agriculture, Trade and Industry, Science and Technology, Labor and Employment, ang mga lokal na pamahalaan ng Rizal. Ang proyekto ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pamamagitan ng chairperson nitong si Senator Cynthia Villar, na nakatuon sa pagbibigay ng mga pagkakataon sa pagkakakitaan sa mga magsasaka at pagsulong ng industriya ng pagawaan ng gatas ng kalabaw.

MARSO 26

# PRODUKSYON NG CASSAVA KROPEK NG KOOPERATIBA NG MGA MAGSASAKA SA CAMSUR INAASAHANG LALAKAS DAHIL SA TIE-UP NG DAR, DOST, LGU

BULA, CAMARINES SUR — Inaasahang tataas at mapabubuti ang produksyon ng cassava kropek ng Sto. Nino Multi-Purpose Cooperative (SNMPC) dito matapos makipag-tie-up ang Department of Agrarian Reform (DAR) sa Department of Science and Technology Region (DOST), at local government unit (LGU) ng Bula.
Ang pag-upgrade ng kapasidad ng produksyon ng SNMPC, ayon kay Ricardo C. Garcia, Provincial Agrarian Reform Program Officer, ay bahagi ng convergence program ng DAR at DOST, na naglalayong matugunan ang tumataas na pangangailangan ng mga mamimili at gawing mas competitive ang kooperatiba.
"Ang convergence initiative ng DAR, DOST at ng LGU ng Bula ay hindi lamang magpapaunlad ng kalidad ng kanilang kropek na gawa sa kamoteng kahoy, ngunit ito rin ang magtitiyak ng matatag na pamilihan para dito," ani Garcia.



Ang proyekto ay ipatutupad sa loob ng tatlong taon, na may isang taon na nakatuon sa pagpapatupad nito at dalawang taon para sa pagsubaybay.
Sinabi ni Garcia na ang SNMPC, bilang benepisyaryo ng proyekto, ay tatanggap ng kabuuang P335,110.00.
Ang DOST ay magbibigay ng P289,610.00, habang ang LGU Bula ay magbibigay ng P30,000.00 at isa pang P9,000.00 mula sa DAR Camarines Sur 1. Ang SMPC naman ay pumayag na magbigay ng P6,500.00 sa proyekto.
Sa pagkakaloob ng pondo, pinuri ni Municipal Councilor Nelly Largo ang mga ahensya ng gobyerno sa pagpili sa SMPC bilang benepisyaryo ng proyekto. Pinaalalahanan din niya ang lahat ng mga obligasyon na nauugnay sa paglabas ng mga pondo.
Inaasahan ni Patrocinio G. Felizmenio, direktor ng DOST Camarines Sur, na ang proyekto ay magiging paunang hakbang tungo sa mas malaking pagsisikap at kasing-tatag ng iba pang proyektong

Sundan sa pahina 14

Mula sa pahina 14

sinusuportahan ng DOST.
Binigyang-diin ni Augusto S. Medina Jr., hepe ng Agrarian Reform Beneficiaries Development and Sustainability Program, na ang DAR ay patuloy na nakikipag-tulungan sa iba pang mga line agencies para mabigyan ng negosyo ang mga kooperatiba at agrarian reform beneficiaries.
Hinamon niya ang SMPC na magsikap upang maging kapantay ng iba pang matagumpay na negosyo.
Tiniyak ni SNMPC Chairperson Augusto G. Consorte na ang pondo ay gagamitin para mapabuti ang negosyong cassava kropek at iba pang produkto,ng kooperatiba tulad ng mushroom food seasoning.
"Gagawin natin ito hindi lamang para sa ating kooperatiba, kundi para sa buong komunidad ng Bula," aniya.
Ang kropek ay isang cracker na gawa sa harina mula sa bungang kahoy o balat ng hayop na dinagdagan ng pampalasa, pinirito sa mantika, iniihaw o pinirito sa mainit na buhangin.

MARSO 27

# 296 magsasaka sa North Cotabato tumanggap ng lupa at mga titulo

May kabuuang 296 agrarian reform beneficiaries (ARBs) sa Pigcawayan, North Cotabato ang nakatanggap ng 272 certificates of land ownership awards (CLOAs) na binubuo ng 696.306 ektarya ng lupang agrikultural.
Sinabi ni Pakir Pasawiran, isa sa mga ARB-recipient, na labis nilang ikinatutuwa ang mga indibidwal na titulo ng lupa na kanilang natanggap at itinuring nila itong isang kayamanan at mahalagang ari-arian.



"Napakahalaga ng titulo sa amin dahil masasabi na namin na kami ang nagmamay-ari ng lupa. Malaya na naming mapagyayaman ito upang pakinabangan ng aming pamilya," ani Pasawiran.
Ang aktibidad na ito ay naaayon sa adhikain ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., sa pamamagitan ng liderato ni DAR Secretary Conrado Estrella III, ng lupaing mapagtataniman ang mga magsasaka.
Sinabi naman ni Evangeline Bueno, Provincial Agrarian Reform Program Officer II, na ang ipinamahaging mga lupain ay matatagpuan sa Barangay Payong-payong sa nasabing munisipalidad.
"Ginagawa natin ang lahat upang mabilis na maipamahagi ang lupain na iniatas sa atin ng Kalihim at mabigyan din sila ng ng mga support services bilang paglalapit ng pamahalaan sa ating mga mamamayan," ani Bueno.
Idinagdag pa ni Bueno na ang mga support service ay paiigtingin sa lugar na ito upang mapalakas ang mga ARB at mapagkalooban sila ng enterprise development at economic support interventions upang mapagyaman ang kanilang lupain,madagdagan ang kanilang mga kita, at mapagbuti ang kanilang mga pamumuhay.

MARSO 28

# Estrella: 'Tiyaking lahat ng proyekto sa imprastraktura ay gumagana at napapanatili'

Pinakikilos ni Agrarian Reform Conrado Estrella III ang lahat ng kanyang field officials na bantayan ang lahat ng natapos at naipasa nang mga rural infrastructure sub-projects sa mga lokal na pamahalaan upang tiyakin na ang mga ito ay maayos at nananatiling kapaki-pakinabang ayon sa disenyo at layunin ng mga ito para sa mga pamayanan.
Sinabi ni Conrado Estrella na napakahalagang masubaybayan tuwina ng bawat opisyal ng DAR sa mga rehiyon at mga lalawigan ang mga natapos at naipasa nang mga proyekto upang mapanatiling maayos ang pamamahala at pagpapanatili nito.
"Ang pagpapanatili ng mga imprastraktura sa kanayunan sa maayos na kondisyon ang siyang makatutulong upang tuloy-tuloy ang pag-arangkada ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) tungo sa pagpapaunlad sa kanayunan," ani Estrella na tinutukoy ang mga sub-projects na ipinatupad sa ilalim ng foreign-assisted special projects nito.
Hinikayat naman ni Atty. Milagros Isabel Cristobal, Undersecretary for Support Services, ang lahat ng regional directors at provincial agrarian reform program officers ng Department of Agrarian Reform (DAR), ang pagsasagawa ng sustainability, monitoring and evaluation (SME) scheme upang "mapanatiling maayos at kapaki-pakinabang ang lahat ng sub-projects na natapos at naipasa na sa mga LGUs.
"Kailangan nating mapanatili sa maayos na kondisyon ang mga natapos nang mga sub-projects sang-ayon sa kani-kanilang mga disenyo at kapakinabangan upang maiwasan ang pagkasira nito dahil sa ngitngit ng kalikasan, pagkaluma o bandalismo," diin ni Cristobal.
Inatasan ni Cristobal ang mga DAR field officials na magsagawa na regular na SME sa lahat ng natapos at naipasa nang mga rural infrastructure sub-projects bilang bahagi ng program beneficiaries development program.
Pinaalalahanan din ni Cristobal ang mga ito na makipag-ugnayan sa mga kinauukulang LGUs at subaybayan kung nasusunod ng mga ito ang pagpapalabas ng operational at maintenance funds sa loob ng 10-taong reglementary period mula sa petsa na ibigay sa kanila ang mga proyekto upang matiyak na ang mga sub-project na ito ay maayos na pinanatili, gumagana at kapaki-pakinabang sa kanilang nilalayong mga benepisyaryo.
Ang pagpapalabas ng operational at maintenance funds para sa foreign-assisted special projects ng DAR ay malinaw na nakasaad sa mga memoranda of agreement na napagkasunduan ng mga LGUs, DAR at ng mga foreign financing institutions kung saan ang financial grants sa pagpapagawa ng mga nasabing proyekto ay mauuwi bilang utang panlabas kapag nasira ang mga ito bago lumipas ang 10 taon mula nang maipasa sa LGUs at babayaran ang utang ng nagpabayang LGUs.

# MGA PARCCOM PRESIDING OFFICER DUMALO SA NATIONAL CONFERENCE NG PARC SECRETARIAT

Dumalo ang mga Presiding Officer ng Provincial Agrarian Reform Coordinating Committees (PARCCOM) sa buong bansa sa national conference ng Presidential Agrarian Reform Council (PARC) Secretariat para ma-update sa mga bagong development at latest policy issuances tungkol sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at talakayin ang iba pang mga usapin sa pagpapatupad nito.
Tinaguriang "PARCCOM Leadership: Meeting the Challenges," ang kaganapan ay upang palakasin ang 76 PARCCOMs sa bansa. Ito ay ginanap sa Queen Margarette Hotel, Lucena City, sa lalawigan ng Quezon mula March 27-30, 2023.
Sinabi ni Atty. Kazel C. Celeste, DAR Undersecretary for Flied Operations Office, na ang conference na ito ay magpapalakas sa PARCCOM, na gumaganap ng mahalagang papel sa matagumpay na pagpapatupad ng repormang agraryo sa kanayunan.
"Ang PARCCOM ay ang kabalikat ng PARC, ang pinakamataas na policy-making body ng CARP, sa provincial level. Sila ang namamahala sa koordinasyon at

Sundan sa pahina 15

Mula sa pahina 14




pagsubaybay ng mga programa, aktibidad at proyekto na ipinatutupad sa field level," aniya.

Ipinahayag ni Celeste na ang kaganapang ito ay magbibigay ng update sa mga PARCCOM chairperson tungkol sa mga bagong patakaran at programa ng ahensya at magsisilbi rin bilang isang paraan upang mabigyang kasagutan ang kanilang mga isyu at alalahanin sa pagpapatupad ng CARP sa mga lalawigan.

Sinabi ni Atty. Eric Francis Luna, Provincial Agrarian Reform Program Officer II ng Quezon 1 na ang conference ay nagpapalakas sa bigkis na kanilang binuo sa nakalipas na 29 na taon mula nang ito ay nilikha sa pamamagitan ng pagpasa ng Republic Act No. 6657 o ang CARP Law.

Ibinunyag ni Luna na ang PARCCOMs ay mahusay na gumanap at nagsilbi para sa kapakanan ng agrarian reform program at ng milyun-milyong benepisyaryo nito.

"Sa pagtatapos ng araw, naniniwala ako na ang pamahalaan ay tungkol sa sama-samang pagtutulungan at patutunayan natin ito bilang totoo sa pamamagitan ng pagtutulungan," dagdag ni Luna.

Sinabi ni Atty. MacDonald M. Galit, Director IV ng PARC, na napapanahon din ang conference ngayong taon dahil sa pagbabago ng pamunuan ng DAR. Ipapaalam sa mga PARCCOM ang agenda ng repormang agraryo ng DAR at mga prayoridad na layunin para sa susunod na anim (6) na taon.

"Bilang bagong itinalagang PARC Director, tinitiyak ko na gagawin ko ang aking makakaya alinsunod sa aking panunumpa sa tungkulin upang maipatupad ang layunin ng Pangulong Ferdinand Marcos at DAR Secretary Conrado Estrella III.

**MARSO 29**

# MGA MIYEMBRO NG PARCCOM TUMANGGAP NG PAGKILALA PARA SA KANILANG KONTRIBUSYON, MATIBAY NA PANGAKO SA PAGPAPATUPAD NG CARP

Tumanggap ng pagkilala mula sa Presidential Agrarian Reform Council (PARC) Secretariat ang mga miyembro ng Provincial Agrarian Reform Coordinating Committee (PARCCOMs), lalo na ang mga kinatawan ng pribadong sektor, para sa kanilang natatanging kontribusyon, matibay na pangako, at suporta sa pagpapatupad ng programa sa repormang agraryo sa ginanap na National Conference of PARCCOM Chairpersons na ginanap sa Queen Margarette Hotel, Lucena City, Quezon.



"Lalong karapat-dapat sa pagkilalang ito, ang mga PARCCOM na mahigpit na tumupad sa kanilang mga pangako, may mga inisyatiba, o nagsagawa ng dagdag na milya o higit pa sa kanilang mga tungkulin upang tulungan ang mga agrarian reform beneficiary (ARB) at iba pang miyembro ng komunidad," ani Atty. McDonald M. Galit, Director IV ng PARC.

Aniya, ang mga miyembro ng PARCCOM, lalo na ang mga kinatawan ng pribadong sektor, ay tumatanggap ng napakaliit na sahod para sa kanilang mga serbisyo at nagpapatakbo lamang sa isang maliit na quarterly budget sa kabila ng kanilang maraming tungkulin at alalahanin.

Sa kabila ng mga sagabal na ito, patuloy na koordinasyon at pagsubaybay ng PARCCOM sa pagtiyak ng mahusay na pagpapatupad ng programa tungo sa pagpapabuti ng buhay ng mga ARB at pagsulong ng kaunlaran sa kanayunan sa nakalipas na tatlumpu't limang (35) taon," aniya.

Sinabi ni Galit na ang pamantayan sa pagpili ng mga natatanging PARCCOM ay kinabibilangan ng: labis na pagsikap para sa programa ng repormang agraryo, nakapasa sa pinakamataas na bilang ng mga resolusyon sa patakaran at programa sa reporma, mga isyu sa pagpapatakbo para sa taong 2022 upang mapadali ang pagpapatupad ng repormang agraryo; may 100% na pagsunod sa pagkakaloob ng tulong sa mortuary at pinakamatandang miyembro ng PARCCOM.

"Tumanggap ng parangal ang mga PARCCOM na may huwaran at matagumpay na inisyatiba ang Bukidnon, Davao City, Camarines Norte, at Davao Occidental," aniya.

Ang mga PARCCOM na may pinakamaraming bilang ng mga kaukulang resolusyong naipasa para sa taong 2022 ay ang Masbate na may 36 na resolusyon, Camarines Norte na may 28 na resolusyon, Apayao 26 na resolusyon, Kalinga 26 na resolusyon, Albay na may 24 na resolusyon, Camarines Sur 24 na resolusyon at Quezon 22 na resolusyon.

"May 100% na pagsunod sa kahilingan para sa tulong sa mortuary ang Occidental Mindoro PARCCOM," dagdag niya.

Kinilala rin ng pinakamatandang miyembro ng PARCCOMs sa kanilang dedikasyon at maglingkod sa kabila ng kanyang katandaan, kabilang si Alberto B. Agpawan, 86 taong gulang, kinatawan ng Indigenous Cultural Communities (ICC) mula sa Mt. Province; Filomeno Flordeliza, 85 taong gulang, kinatawan ng landowner para sa principal crop mula sa Davao Occidental; Constancio Estillore, 83 taong gulang, landowner para sa other crop mula sa Davao City; Dionisio Valor, 83 taong gulang, kinatawan ng ICC mula sa Negros Oriental; Atty. Teresita Dy-Liacco Flores, 83 taong gulang, kinatawan ng landowner principal crop mula sa Albay; at Rolando Broquil, 82 taong gulang, kinatawan ng farmers' organizations mula sa Bataan.

# DAR OSC-EACO MATAGUMPAY NA NAGDAOS NG STRATEGIC PLANNING SEMINAR-WORKSHOP

Matagumpay na naisagawa ng Office of Special Concerns and External Affairs and Communications Operations (OSC-EACO), ng Department of Agrarian Reform, ang Strategic Planning Seminar-Workshop nitong Marso 23 - 24 sa University Hotel sa UP Diliman.

Si Dr. Eduardo H. Pangilinan, Deputy Secretary-General at ang pinuno ng Legislative Information Resources and Management Department ng House of Representatives, ay nagturo sa mga kalahok sa mga hakbang sa pagbabalangkas ng isang strategic management plan at theoretical concepts ng strategic planning process.

Ang parehong paksa ay inilapat sa panahon ng pagsasagawa ng dalawang araw na aktibidad, sa pamamagitan ng isang serye ng mga pagsasanay kung saan hiniling ni Dr. Pangilinan sa mga grupo ng mga kalahok na tanggapan na gawin, upang magkaroon ng sukatan ng kanilang pagkaunawa sa mga paksang tinalakay at bigyang-diin kung gaano kahalaga ang estratehikong pagpaplano sa pagbabalangkas at pagkamit ng mga itinakdang layunin.

Sa kanyang pangwakas

Sundan sa pahina 16

Mula sa pahina 15



na pananalita, hinimok ni Undersecretary Atty. Marilyn B. Barua-Yap, ang mga kalahok na samantalahin ang capacity-building activities na inorganisa ng departamento para sa mga empleyado nito, upang i-update at i-upgrade ang kanilang management skill set.

Inulit din niya ang tema ng aktibidad, "Crafting a Blueprint for Public Value Creation," upang maging bahagi ng mindset ng mga kalahok pagdating sa pagganap ng kani-kanilang tungkulin at responsibilidad, dahil bahagi ito sa pananaw ni Secretary Conrado M. Estrella III na dalhin ang pamahalaan sa mga tao.

Ang mga kalahok ay binubuo ng mga opisyal at tauhan mula sa Public Assistance and Media Relations Service (PAMRS), Legislative Liaison and External Affairs Service (LLEAS), Clientele Relations Service (CRS) ng OSC-EACO at mga piling opisyal at tauhan mula sa Foreign-Assisted Projects Office (FASPO) at Office of Mindanao Affairs (OMA).

MARSO 30

# SAMAHAN NG MGA MAGSASAKA SA CEBU TUMANGGAP NG PHP1.3-M FARM TRACTOR

Isang samahan ng mga magsasaka sa bayan ng Daanbantayan, sa lalawigan ng Cebu ang tumanggap ng Php1.3-milyong halaga ng farm tractor mula sa Department of Agrarian Reform (DAR).

Ayon kay DAR Central Visayas Regional Director Leomides Villareal may kabuuang 104 magsasaka-kasapi ng Dalingding Agrarian Reform Beneficiaries Association (DAARBA), DAR-assisted agrarian reform beneficiary organization (ARBO) sa Barangay Dalingding, ang makikinabang sa traktora.

"Ang ibinigay na 35 horsepower, 4-wheel drive tractor ay magpapalakas sa produksyon sa sakahan ng mga agrarian reform beneficiary at inaasahang magpapataas sa kita ng mga magsasaka at ng kanilang organisasyon," aniya.

Hinimok ni Villareal ang mga magsasaka na sumapi sa mga ARB organization dahil inilalagak ang mga tulong ng pamahalaan sa mga DAR-assisted organizations.

Ang pagkakaloob ng makinaryang pangsaka ay naaayon sa adhikain ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr., sa ilalim ng liderato ni DAR Secretary Conrado Estrella III, na mapaunlad ang pamumuhay ng mga magsasaka.

"Ang ating Pangulo at ang DAR Secretary ay nagbigay sa atin ng direktiba na magbuhos ng mga suportang serbisyo upang mapaunlad ang pamumuhay ng mga magsasaka. Ang suportang serbisyo ng DAR ay kinabibilangan ng probisyon ng imprastraktura, makinaryang pangsaka, agricultural inputs, teknolohiya, pagsasanay at seminar, at access sa credits institutions, at iba pa," dagdag pa niya.

Ang farm machinery ay ipinagkaloob sa ilalim ng Climate Resilient Farm Productivity Support Project (CRFPSP) on Major Crop-Based Block Farm and Sustainable Livelihood Program ng ahensiya.





# MGA MIYEMBRO NG IBA'T IBANG AHENSYA NAGBALANGKAS NG EO SA SUSTAINABLE LAND USE AND MANAGEMENT

Pinangunahan ng Presidential Management Staff (PMS) ng Office of the President (OP) ang facilitation meeting sa pagbalangkas ng Executive Order (EO) for Sustainable Land Use and Management noong Marso 29,2023 sa PMS Building sa Arlegui, Malacañan compound.

Pinangasiwaan ni Agrarian Reform Secretary Conrado M. Estrella III ang pagpupulong na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa iba't ibang departamentong sangkot sa paggamit at pamamahala ng lupa kabilang ang Departments of Agrarian Reform (DAR), Agriculture (DA), Environment and Natural Resources (DENR), Human Settlements at Urban Development (DHSUD), Interior and Local Government (DILG), National Economic and Development



Sundan sa pahina 17

Mula sa pahina 16

Authority (NEDA), Presidential Legislative Liaison Office (PLLO), at ang PMS.

Binigyang-diin ni Estrella na dapat iayon ang EO sa prayoridad na itinakda ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. sa pagpasa ng National Land Use Act mula sa kanyang unang State of the Nation Address noong nakaraang taon.

Bilang isang executive decree, maaari itong magbigay ng mekanismo para sa kooperasyon ng inter-agency ngunit hindi dapat palitan ang mga naitatag na pamamaraan at hurisdiksyon na ipinagkaloob ng batas. Ang National Land Use Act, kung ipapasa ng Kongreso, ay magbibigay ng legal na istruktura, pamamaraan, sistema, at mga aksyon sa pagpapatupad para sa pamamahala ng paggamit ng lupa.

Ngunit ang pangunahing elemento sa parehong EO at ng batas kapag naipasa ay upang matiyak ang seguridad sa pagkain.

Sa gabay ng mga pahayag ni Kalihim Estrella, nagsumite ng kanilang mga komento at rekomendasyon ang mga kinatawan ng iba't ibang ahensya.

Isang Technical Working Group ang na-set up para gumawa ng bersyon ng EO na may mga input ng mga ahensya.

Ang DAR ay kinatawan nina Undersecretaries Napoleon U. Galit, Marilyn B. Barua-Yap at Luis Meinrado C. Pañgulayan.

## MARSO 31




# DAR, DPWH nakumpleto ang P5.8 milyong FMR project sa Pangasinan

May kabuuang 241 agrarian reform beneficiaries (ARBs) at 13,710 non-ARBs mula sa loobang lugar ng Calasiao at Laoac ang mapapabilis ang pagdadala ng kanilang mga produkto sa pamilihan makaraang ang Department of Agrarian Reform (DAR), katuwang ang Department of Public Works and Highways (DPWH) ay natapos ang farm-to-market Road (FMR) na matatagpuan sa barangay Anis sa Laoac, at mga barangay Talibaew, Banaoang, San Vicente sa Calasiao, Pangasinan.

Pinangunahan ni Maria Ana Francisco,DAR Ilocos Regional Director at kasalukuyang Provincial Agrarian Reform Officer II ang on-site inspection ng apat (4) na FMR na pinondohan ng DAR upang matiyak na ang proyektong ito ay naisakatuparan alinsunod sa itinatag na mga alituntunin at pamamaraan.

Sinabi ni Francisco na isinasaalang-alang ng DAR ang pagtatayo ng FMR bilang daan ng pamahalaan tungo sa puso ng mga tao, gayundin bilang patotoo sa pangako ng departamento sa paglilingkod sa mga mamamayan sa kanayunan, lalo na sa mga ARBs.

"Ang pagtatayo ng mga proyektong pang-imprastraktura sa kanayunan ay ipinatupad sa ilalim ng proyekto ng DAR's Sustainable and Resilient Agrarian Reform Communities (SuRe ARCs) na may layuning makatulong na mapahusay ang kapasidad ng mga magsasaka sa loob ng komunidad ng repormang agraryo upang makagawa, makapaghatid at matiyak ang patuloy na suplay ng pagkain sa lalawigan,"aniya.

Ibinunyag niya ang pagkonkreto ng mga FMR ay kinabibilangan ng .327 km. sa Barangay Banaoang, Calasiao, Pangasinan na nagkakahalaga Php2,910,367.90; ang pagkonkreto .250 km. sa Barangay Vicente, Calasiao, Pangasinan na nagkakahalaga Php2,911,882.74; ang pagkonkreto .101 km sa Barangay Talibaew, Calasiao, Pangasinan na nagkakahalaga Php2,911,754.67; at ang pagkonkreto .220 km. sa Barangay Barangay Anis, Laoac, Pangasinan na nagkakahalaga Php960,194.88.

"Ang mga FMR na ito ay magpapabago sa buhay ng mga ARB, tiyak na magdadala ng mahusay na produksyon at mahusay na mga presyo para sa kanilang mga produkto upang mapabuti ang kanilang kita at kabuhayan," pagtatapos niya.